



Ang Kautusan ng Diyos ay Nananatiling Hindi Nagbabago

Leksyon 20

“Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin. Anim na araw na gagawa ka at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain. Nguni't ang ikapitong araw ay sabbath sa Panginoon mong Dios: sa araw na iyan ay huwag kang gagawa ng anomang gawa, ikaw, ni ang iyong anak na lalake ni babae, ni ang iyong aliping lalake ni babae, ni ang iyong baka, ni ang iyong tagaibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuang daan: Sapagka't sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng nangaroon, at nagpahinga sa ikapitong araw; na ano pa't pinagpala ng Panginoon ang araw ng sabbath, at pinakabanal.”

Ang Ika-apat na Utos, Exo 20:8 -11

1. Anumang pagbabago ba ay maaring gawin sa ginawa ng Diyos?

Eclesiastes 3:14 _____

2. Ang Kaniya bang mga hinanap nang nakaraan ay hahanapin pa rin ngayon?

Eclesiastes 3:15 _____

3. Kapag pinagpala ng Diyos ang isang bagay, gaano katagal ito magiging mapalad?

1 Cronica 17:27 _____

4. At Kaniyang pinagpala, at hindi ko na ano?

Bilang 23:20 _____

5. Bakit pinagpala ng Panginoon ang ika-pitong araw?

Exodo 20:11 _____

6. Sa kanino nilikha ng Diyos ang mga sanlibutan?

Hebreo 1:2 _____

7. Paano nakasama si Jesus sa buong proseso ng paglikha?

Colosas 1:16 _____

Juan 1:3 _____

8. Ano sa ngayon ang kaugnayan ni Jesus sa Sabbath?

Mateo 12:8 _____

9. Ano ang nalalaman natin tungkol sa Panginoon?

Hebreo 13:8 _____

10. Sa pagtingin sa humigit kumulang na apatnapung mga taon pagkatapos ng pagkapako, anong araw ang ipinag-aalala ni Jesus?

Mateo 24:20 _____

Ang ika-pitong araw na Sabbath ay 59 ulit na binanggit sa Bagong Tipan. At walang anumang pagkakataon na sinabi ng Biblia na tinanggal ng Diyos ang kabanalan nito. Sa kabaliktaran, ang unang araw ng sanlinggo ay 8 ulit lamang binanggit sa Bagong Tipan. At wala ni isa mang pagkakataon na maiugnay ang Biblia sa kabanalan nito.

11. Sang-ayon kay Pablo, ano ang basehan ng pamamahingang Sabbath?

Hebreo 4:4 _____

12. Ipinahayag ni Pablo na siya ay nananampalataya sa lahat ng mga bagay na isinulat saan?

Gawa 24:14 _____

13. Sa anong araw siya nagpunta sa bahay sambahan?

Gawa 13:14 _____

14. Ang mga Gentil ay nagnais na siya ay mangaral kailan?

Gawa 13:42 _____

15. Sino ang nagpunta nang sumunod na Sabbath upang makinig ng salita ng Diyos?

Gawa 13:44 _____

16. Sa anong araw sinapantaha na may mapapanalanginan?

Gawa 16:13 _____

17. Paano sinasabi sa atin ng Biblia na ang pagtitipong pangpubliko para sa pagsamba sa araw ng Sabbath ay ugaling madalas ni Pablo?

Gawa 17:2 _____

18. Gaano kadalas ipinapahayag ni Pablo ang mga Kasulatan parehong sa mga Judio at mga Griego?

Gawa 18:4 _____

19. Gaano kalubusan ang pagtuturo ni Pablo sa kanyang mga hikayat?

Gawa 20:27 _____

Ipinahayag ni Pablo ang lahat ng payo ng Diyos. At hindi niya kailanman binanggit ang kabanalan ng Linggo.

20. Sa kanino magsisilitaw ang mga taong mangagsasalita ng mga bagay na masasama?

Gawa 20:30 _____

21. Sa anong uri ng mga tao siya nagsasalita?

Gawa 20:17 _____

22. Kailan ito magaganap?

Gawa 20:29 _____

Inihula din ni Pedro ang pagbangon ng mga bulaang guro sa iglesia na mangagpapasok ng mga “akakapahamak na mga hiduwang pananampalataya” (2 Pedro 2: 1).

23. Sa pangitain, ipinakita kay Daniel ang isang kapangyarihang babangon na iisiping baguhin ang ano?

Daniel 7:25 _____

24. Sinabihan ni Pablo ang mga unang mananampalataya na huwag umasa sa katapusan ng sanlibutan maliban na unang dumating ang ano?

2 Tesalonica 2:3 _____

25. Ano ang dalawang mga pangalan ang itinawag niya sa isang mangunguna sa pagtaliwakas na ito?

2 Tesalonica 2:3 _____

Pag-aralang maingat ang 2 Tesalonica 2: 1-12. Ang taong makasalanan na ito na magiging sanhi sa iglesia upang bumagsak ay ilagay ang kanyang sarili sa lugar ng Diyos (talatang 4). Ang hiwaga ng kasamaan ay gumagawa na sa panahon ni Pablo, subalit hindi pinahintulutan na lubusang lumago habang ang isang tiyak na kapangyarihan ay naroroon pa (talatang 7). Pansinin na ang pagtaliwakas ay may kasamang malubhang pandarayang pangkaturuan (mga talatang 9-12). Ang propetikong paglago ng pagtalikod na ito ang paksa sa susunod na dalawang mga leksyon.

26. Nais ng Diyos na ang lahat ng mga tao ay mangaligtas at mangakaalam ng ano?

1 Timoteo 2:4 _____

27. Sa anong masamang dahilan itinatakuwil ng ilan ang mga kautusan ng Diyos?

Marcos 7:9 _____

“Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Dios.”
Mateo 4: 4

28. Ang mga panahon ng ating kahangalan ay pinalipas na nga ng Diyos, datapuwa't ngayo'y ipinaguutos niya sa mga tao sa lahat ng dako na ano?

Gawa 17:30 _____

29. Paano ako tutugon kapag nalaman ko ang katotohanan?

Awit 119:60 _____

Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....

- Nauunawaan kong si Jesus ang lumikha ng sanlibutan at nag-bukod ika-pitong araw bilang Sabbath.
- Nauunawaan kong hindi si Jesus o ang Kanyang mga apostol ang nagtanggag sa Sabbath o nagpabanal ng ibang araw kapalit nito.
- Pinili kong sumunod sa halimbawa ni Jesus at ingatang banal ang araw ng Sabbath.

Karagdagang mga puna: _____

Pangalan: _____

Susunod na Leksyon: *Mga Hangin, Mga Alon, at Mga Hayop mula sa Dagat*